ALAM MO BA?

Ang pinakamatinding lindol sa kasaysayan ng Illinois ay naganap noong Disyembre 17, 1811, at ito ay napakalakas kaya napatunog nito ang isang kampana ng simbahan sa Cairo sa timog Illinois. Nagbuga ito ng usok, buhangin, at coal na umabot ng 30 yarda sa himpapawid at pinadaloy paatras ang Ilog ng Mississippi ng ilang sandali.

Noong Nobyembre 9, 1968, isa pang 5.4 magnitude na lindol ang yumanig sa Hamilton County. Ang lindol na ito ay naramdaman hanggang sa sinlayo ng Boston, Massachusetts, at nagdulot ng malaking pinsala sa buong timog Illinois.

Mayroong 25-40% na posibilidad na magkaroon ng 6.0 magnitude na lindol sa gitnang U.S. sa loob ng anumang 50 taon na yugto ng panahon.

Kung ikaw ay nasa loob ng gusali o bahay, sundin ang mga hakbang na ito para Dumapa, Sumuklob, at Kumapit:

Dumapa sa sahig

Magkubli o Sumuklob sa ilalim ng matibay na desk, mesa, o iba pang muwebles

Kumapit sa bagay na iyon hanggang sa matapos ang pagyanig

- Matapos huminto ang pagyanig, subaybayan ang mga lokal na abiso kabilang ang iyong lokal na balita at mga istasyon ng radyo
- Panatilihing aktibo ang mga alerto sa emerhensiya ng iyong cell phone
- Sundin ang mga update ng lokal na Public Safety and Emergency Management para sa mga mensaheng pangkaligtasan
- Mag-subscribe sa emergency mass notification system ng iyong komunidad para makakuha ng real-time na mapagkakatiwalaang impormasyon
- Bago ang lindol, i-secure ang matataas na piraso ng muwebles at iba pang bagay na maaaring mahulog
- Gumawa ng Plano ng Pamilya: Magtakda ng mga lugar na tagpuan at out-of-state na mga kontak. Mag-ensayo ng mga pagsasanay na pang-lindol kasama ng inyong sambahayan dalawang beses taun-taon
- Kit na Pang-emerhensiya: Mag-imbak ng 3 araw na suplay ng tubig (1 galon bawat tao bawat araw), mga pagkain na hindi madaling masira, mga gamot, flashlight, at baterya
- Kaligtasan sa Tahanan: I-secure ang mga aparador ng mga aklat, mabibigat na salamin, at mga kagamitang nakakabit [fixtures]. Magkabit ng mga trangkilya ng kabinet. Ilipat ang mabibigat na bagay sa mababang istante
- Mga Ligtas na Lugar: Tukuyin ang mga lugar na pamproteksyon sa bawat silid - sa ilalim ng matibay na mga mesa o sa mga dingding sa loob, malayo sa mga bintana
- Kontrol ng mga Kagamitan: Alamin ang mga lokasyon ng pagsasarahan ng gas/tubig/kuryente. Panatilihing madaling makuha ang liyabe na pangsara. Lumabas kung may naaamoy kang sumisingaw na gas

Ready.Illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Emergency Management Agency at
Office of Homeland Security

@ReadyIllinois
ReadyIllinois
@ReadyIllinois
@ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 oras na Pagtugon (217) 782-7860

Inilimbag ng Awtoridad ng Estado ng Illinois 3/25 IOCI 25-1602 0 kopya